SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

# KAPASIYAHAN BLG. 2019-36

**"ISANG KAPASIYAHANG NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 2019-02B NG PAMBAYANG KAPULUNGAN SA KAUNLARAN NA NAUUKOL SA UPDATING NG ANNUAL INVESTMENT PLAN NG PAMAHALAANG BAYAN SA TAONG 2019".**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Orlando L. De Guzman**
Tagapangulo
Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan

---

**SAPAGKA'T,** naghaing ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Arnel F. Mendoza, na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 2019-02B mula sa Pambayang Kapulungan sa Kaunlaran;

**SAPAGKA'T,** ang Pamahalaang Bayan ng Bustos ay naglaan ng pondo sa ilalim ng Annual Investment Plan;

SAPAGKA'T, sa paglipas ng mga panahon ay nagkaroon ng mga programang pangkaunlaran na kinakailangang paglaanan ng mga pondo mula sa Annual Investment Plan;

SAPAGKA'T, sa taong 2019 ay nagkaroon ng mga programang hindi nakapaloob sa nasabing plano kung kaya minarapat na baguhin ng Kapulungan para ilaan sa mga karapat-dapat na paglaanan ng proyekto;

**SAPAGKA'T,** napagpasiyahan ng Kapulungan na sa ilalim ng aytem na ***"A. Ako'y Makakalikasan"*** ay palitan ang *"Rehabilitation/Construction of MRF Building"* ng *"Rehabilitation and Closure of Dumpsite"*;

**SAPAGKA'T,** nagkaroon ng pagpupulong ang mga bumubuo ng Pambayang Kapulungan sa Kaunlaran upang maisakatuparan ang mga proyekto;

**SAPAGKA'T,** sa ginanap na pagpupulong ay napatunayang mas mapapabuti kung i-upgrade ang Annual Investment Plan at ilaan sa mga sumusunod na proyekto:

| Annual Investment Plan<br>20% Development Fund | |
|---|---|
| **Program/Project/Activity** | **Capital Outlay** |
| **A. Ako'y Makakalikasan**<br>**B. 1. Rehabilitation/Construction Of MRF Building** | **Php1,000,000.00** |

| Updating Annual Investment Plan<br>20% Development Fund | |
|---|---|
| **Program/Project/Activity** | **Capital Outlay** |
| **A. Ako'y Makakalikasan**<br>**B. 1. Rehabilitation and Closure of Dumpsite@ Bonga Menor, Bustos Bulacan\|** | **Php839,465.00** |

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. ORLANDO L. DE GUZMAN** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 2019-02B ng Pambayang Kapulungan sa Kaunlaran na nauukol sa Updating ng Annual Investment Plan ng Pamahalaang Bayan sa Taong 2019.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-27 ng Marso taong Dalawang Libo at Labing Siyam sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**JULIET DJ. DELA CRUZ**
Pinuno ng Minorya

**FRANCIS ALBERT G. JUAN**
Kasangguni

**LEO T. SANTOS**
Kasangguni

**EDWIN N. DE GUZMAN**
Kasangguni

**ORLANDO L. DE GUZMAN**
Kasangguni

**ROMULO DE. LAZARO**
Kasangguni

**APRILLE KEITH M. LAZARO**
Kasangguni

**ANTONIO L. PUNONGBAYAN, SR.**
Pinuno ng Mayorya

**MARTIN SJ. ANGELES**
ABC President

**ANGELICA L. DE LEON**
SK President

***Pinagtitibay:***

**LEONARDO L. LEONCIO**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

———■———

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-10 ng Hunyo taong Dalawang Libo at Labing Siyam.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim